

Ang Daan Upang Maging Mapalad Yugto 6

“1 At nangyari, na nang matapos nang masabi ni Jesus ang kaniyang mga utos sa kaniyang labingdalawang alagad, ay umalis siya roon upang magturo at mangaral sa mga bayan nila. 2 Nang marinig nga ni Juan sa bilangguan ang mga gawa ni Cristo, ay nagpasugo siya sa pamamagitan ng kaniyang mga alagad, 3 At sinabi sa kaniya, Ikaw baga yaong paririto, o hihintayin namin ang iba: 4 At sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi, Magsiparoon kayo at sabihin ninyo kay Juan ang mga bagay na inyong nangaririnig at nangakikita: 5 Ang mga bulag ay nangakakakita, ang mga pilay ay nangakalalakad, ang mga ketongin ay nangalilinis, at ang mga bingi ay nangakaririnig, at ang mga patay ay ibinabangon, at sa mga dukha ay ipinangangaral ang mabubuting balita. 6 At mapalad ang sinomang hindi makasumpong ng anomang katitisan sa akin.” (Mateo 11:1-6)

Ang buhay kasama ang lahat ng mga pagsubok at paghihirao nito ay maaring makapagpapahina sa iyo, matakot at magbaba sa iyo upang magpatuloy at maglingkod sa Panginoon. Ngunit hindi ipinangako ng Panginoon na hindi tayo magkakaroon ng mga pagsubok sinabi ni Jesus sa **Juan 16:33** **“33 Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan.” (Juan 16:33)** Ang mga kaguluhan, pagsubok at paguusig ay hindi mahihwalay sa atin sa pangyayari sa buhay, ito ay darating sa atin at habang tinatangap natin ang mga ito sa isang positibong paraan sa gayon pagpapalain pa rin tayo ng Diyos sa pamamagitan ng mga pagsubok na ito. Nais ng Panginoon sa atin na batahin at magtiis sa panahon ng mga pagsubok upang tayo'y lumago at mabuo. Nais ng Panginoon sa atin na sa pamamagitan ng mga pagsubok ay manindigan at magtiis at huwag bumalik at itakwil ang Panginoon na namatay para sa atin, gaya ng ginawa ni Pedro.

Maaring tayong salungatin, usigin at bantaan na huwag magpatuloy na maglingkod sa Panginoon ngunit kailangan pa rin natin huwag isuko ang ating buhay at paglilingkod sa Diyos. Kung gagawin natin iyon at magtiis sa gayon ang Panginoon ay mananatili sa atin at tutulongan tayo makalampas nang matagumpay sa mga pagsubok na ito. Ipinangako ng Dios ang pagpapala sa taong nagtiis sa mga tukso: **“12 Mapalad ang taong nagtiis ng tukso; sapagka't pagkasubok sa kaniya, siya'y tatanggap ng putong ng buhay, na ipinangako ng Panginoon sa mga nagsisiubig sa kaniya.” (Santiago 1:12)** Ang pagsubok mismo ay gagana upang pagpalain ka habang tinitiiis mo ito.

Si Juan Bautista ay naglingkod sa Panginoong JesuCristo at siya ay pinag-usig ni Herodes gaya ng mababasa natin dito, **“17 Sapagka't si Herodes din ang nagsugo sa mga kawal at nagpahuli kay Juan, at nagpatanikala sa kaniya sa bilangguan dahil kay Herodias, na asawa ni Filipino na kaniyang kapatid; sapagka't nagasawa siya sa kaniya.” (Marcus 6:17-18)** Sinaway ni Juan Bautista si Herodes at sinabi sa kanya, 'Hindi matuwid sa iyo na iyong arin ang asawa ng iyong kapatid.' Si Juan ay inusig dahil sinabi niya ang katotohanan at nanindigan sa Salita ng Diyos, at sa gayong kadahilanan siya ay inusig at ipinadala sa bilangguan. **Sa ilang pagkakataon kapag sinunod mo ang Diyos ng buong puso at lumakad sa Kanyang mga daan haharapin mo ang mga pagsubok at pagsalungat at ang ilang mga tao ay maaring kapootan ka gaya ng mababasa natin dito, “12 Oo, at lahat na ibig mabuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay mangagbabata ng paguusig.” (2 Timoteo 3:12)** Ang mga bagay na iyon ay maaring mangyari sa iyo, ngunit hindi ka dapat panghinaan ng loob at magduda sa Panginoon at sa Kanyang presensya sa iyong buhay at paglilingkod. Ang Salita ng Diyos ay itinuturo sa atin na, **“22 Mapapalad kayo kung kayo'y kapootan ng mga tao, at kung kayo'y ihiwalay nila, at kayo'y alimurahin, at itakuwil ang inyong pangalan na tila masasama, dahil sa Anak ng tao. 23 Mangagalak kayo sa araw na yaon, at magsilukso kayo sa kagalakan; sapagka't narito, ang ganti sa inyo'y malaki sa langit; sapagka't sa gayon ding paraan ang ginawa ng kanilang mga magulang sa mga propeta.” (Lucas 6:22-23)** Si Juan Bautista ay kinapootan, inihiwalay, ang kanyang pangalan ay itinuring na masama, at ipinabilanggo alang-alang kay Cristo, at siya ay pinagpala sa ganoong pangyayari sa kanya. Iyon ay hindi niya kabiguan kundi ang kanyang pananagumpay, ngunit hindi niya tiningnan ito sa isang positibong paraan gaya ng karamihan ngayon, kapag tayo'y pinag-uusig tinitingnan natin ito bilang kabiguan ngunit inutos sa atin ni Jesus na magalak at lumukso sa kagalakan.

“1 At nangyari, na nang matapos nang masabi ni Jesus ang kaniyang mga utos sa kaniyang labingdalawang alagad, ay umalis siya roon upang magturo at mangaral sa mga bayan nila. 2 Nang marinig nga ni Juan sa bilangguan ang mga gawa ni Cristo, ay nagpasugo siya sa pamamagitan ng kaniyang mga alagad.” (Mateo 11:1-2) Nang si Juan Bautista ay inusig at ipinabilanggo at pagkatapos ay nabalitaan sa bilangguan na si Jesus na kanyang binautismuhan na nagtuturo at nangangaral, at nang marinig ang tungkol sa Kanyang gawain, ay nagsugo siya sa kanyang dalawang alagad kay Jesus. Parang sinasabi niya sa sarili niya, 'Paano ako, ang Panginoon ay may dapat gawing isang bagay para sa akin.' Marami sa atin ngayon na dumaan sa pagtanggap at paguusig at narinig at batid natin ang tungkol sa ginawa ni Jesus, na sasabihn 'Paano naman ako' bakit hindi ako tinutulungan ng Panginoon', ngunit dapat nating malaman na ang pagtanggap at paguusig na ating pinagdaraan

ay pagpapala mula sa Panginoon. Kaya kunin ang mga bagay nang positibo, magkaroon ng tamang pag-iisip at mag-isip ng matalino.

Si Juan Bautista ay nagsusumamo sa Panginoon na tulongan siya gaya ng ipinadala niya ang kanyang mga alagad upang tanungin si Jesus, **“3 At sinabi sa kaniya, Ikaw бага yaong paririto, o hihintayin namin ang iba?” (Mateo 11:3)** Parang sinasabi ni Juan sa Panginoon, ‘Akoy naglingkod sa iyo Panginoon’ Ipinangaral ko ang iyong Salita, Panginoon bakit ako’y narito sa bilangguan ito, bakit ang aking kalagayan ay ganito, Panginoon gusto kong makalabas sa bilangguan, Panginoon tama ba ako sa paglapit sa iyo at humingi ng tulong sa iyo, o hindi ikaw at kailangan kong pumunta sa iba?

Hindi matanggap ni Juan na siya ay naglilingkod sa Panginoon at siya pa rin ay nasa bilangguan; at kung bakit hindi siya pinalaya ng Panginoon sa bilangguan at walang ginagawa para sa kanya. **Ang mga pagsubok at pagdurusa ang halaga nito ay ang pagsubok para sa iyong pananampalataya, at sinusubok ka ng Diyos kung tunay nating iniibig Siya o hindi, “2 Mga kapatid ko, ariin ninyong buong kagalakan, kung kayo’y mangahulog sa sarisaring tukso;3 Yamang nalalaman na ang pagsubok sa inyong pananampalataya ay gumagawa ng pagtitiis. 4 At inyong pabayaang na ang pagtitiis ay magkaroon ng sakdal na gawa, upang kayo’y maging sakdal at ganap, na walang anomang kakulangan.” (Santiago 1:2-4) Ang Diyos ay mayroong tiyak na pangyayari para sa bawat isa sa atin upang daan at hindi natin mababago ito o maiwasan mula sa kung anong itinalaga ng Diyos sa atin upang pagdaanan, at kaya dapat nating tanggapin at batahin at pagtiisan ito, sapagkat naroon ang pagpapala ng Diyos, ang walang hanggang pagpapala, sa ating buhay.**

Ang lahat ng iyon ay maaring mangyari at kung iyong babasahin ang Bibliya makikita mo ang ilan sa mga tunay na lingkod ng Diyos, ang mga propeta, at kahit ang mga apostoles ng Panginoon ay tinatrato sa gayong masamang paraan. Hindi ibig sabihin na iniwan sila ng Panginoon, at hindi ibig sabihin na sila’y nagduda sa Panginoon at sa Kanyang presenya sa kanilang buhay. Alang alang kay Cristo at sa Kanyang Salita ikaw ay maaring kapootan, ihiwalay, laitin at tanggihan ng sanglibutan at ng mga tao ng sanglibutan. Ngunit ang pangako at mga pagpapala ay para sa iyo mula sa Panginoon ay nasa Langit para sa iyo gaya ng Kanyang sinabi, **“10 Mapapalad ang mga pinaguusig dahil sa katuwiran: sapagka’t kanila ang kaharian ng langit.11 Mapapalad kayo pagka kayo’y inaalimura, at kayo’y pinaguusig, at kayo’y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa akin.12 Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka’t malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka’t gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo.” (Mateo 5:10-12)** Ang mga pagsubok, pagtanggap at pagsalungat ay hindi dapat makadismaya sa atin at magawang magduda sa Panginoon at sa Kanyang Salita at kapangyarihan. **Gumawa ng malinaw na kapasyahan na huwag nang panghinaan ng loob dahil naghihintay ang gantimpala para sa iyo at sa akin kung patuloy nating isasabuhay ang ating buhay sa Panginoon at buong pusong paglilingkuran Siya. “9 At huwag tayong mangapagod sa paggawa ng mabuti: sapagka’t sa kapanahunan ay magsisipagani tayo, kung hindi tayo manganghihimagod.10 Kaya nga, samantalang tayo’y may pagkakataon, ay magsigawa tayo ng mabuti sa lahat, at lalong lalo na sa mga kasangbahay sa pananampalataya.” (Galacia 5:9-10)**

Huwag umasa sa karangalan at pagpapahalaga ng mga tao, at huwag kang magalit kung mga tao ay magagalit sa iyo dahil ginagawa mo ang tama at matuwid. Kung talagang nais mong lumakad kasama ng Diyos may mga taong dapat malungkot sa iyo dahil hindi ka nakikipagkompromiso sa kanila. Ngunit kung ang lahat ng mga tao ay masaya sa iyo sa gayon hindi mo sinasabi sa kanila ang totoo, at nangangahulugang iyon na gumagawa ka ng masama. Sinabi ni Jesus, **“26 Sa aba ninyo, pagka ang lahat ng mga tao ay mangagsalita ng magaling tungkol sa inyo! sapagka’t sa gayon ding paraan ang ginawa ng kanilang mga magulang sa mga bulaang propeta.” (Lucas 6:26)** Huwag matakot sa mga tao dahil hindi ka pagpapalain ng Panginoon, **“5 Ang pagkatakot sa tao ay nagdadala ng silo: nguni’t ang naglalagak ng kaniyang tiwala sa Panginoon ay maliligtas.” (Kawikaan 29:25)** **At huwag magalit o malungkot kung ang ilang mga tao ay magagalit sa iyo, at huwag subukang panatilihin masaya ang mga tao dahil maari mong isipin na tutulongan ka nila at susupportahan ka. Kung ganyan ang gagawin mo hinding hindi ka uunlad gaya ng mababasa nating dito, “5 Ganito ang sabi ng Panginoon: Sumpain ang tao na tumitiwala sa tao, at ginagawang laman ang kaniyang bisig, at ang puso ay humihiwalay sa Panginoon.6 Sapagka’t siya’y magiging gaya ng kugon sa ilang, at hindi makakakita pagka ang mabuti ay dumarating, kundi tatahan sa mga tuyong dako sa ilang, lupaing maalat at hindi tinatahanan.” (Jeremias 17:5-6)** Sumpain ang tao at hindi pagpapalain na tumitiwala sa tao. Ang Panginoon lamang ang makakatulong sa iyo sa panahon ng mga pagsubok. Ang mga tao na inaasahan mo at ginagawa mo ang pinakamahasay upang paluguran sila, sila pa ang magpapabagsak sa iyo. Sinasang-ayunan ang mamuhay ng buong pagtitiwala sa Diyos gaya ng ating mababasa dito, **“7 Mapalad ang tao na tumitiwala sa Panginoon, at ang pagasa ay ang Panginoon.8 Sapagka’t siya’y magiging parang punong kahoy na itanim sa tabi ng tubig, at naguugat sa tabi ng ilog, at hindi matatakot pagka ang init ay dumarating, kundi ang kaniyang dahon ay magiging sariwa; at hindi mababalisa sa taon ng pagkatuyu, o maglilikat man ng pagbubunga.” (Jeremias 17:7-8)** Sa mga nagtitiwala sa Panginoon sila’y pagpapalain at ganap sila’y gagantimpalaan sa Langit.

Si Juan Bautista ay mayroong malinaw na patotoo at inihanda ang daan para sa Panginoon at ipinangaral ang tungkol sa Kanya at inihanda ang mga tao upang tanggapin si Cristo, at siya ay pinarangalan ng Panginoon at ginamit ng Panginoon ang kanyang buhay upang udyukan ang mga tao na sumunod sa Diyos at kahit ngayon gaya ng sinabi ni Jesus dito ang tungkol kay Juan sa pagiging dakilang propeta na inihanda ang daan para sa Panginoon, **“7 At samantalang ang mga ito'y nagsisiyaon ng kanilang lakad, ay nagpasimula si Jesus na magsalita sa mga karamihan tungkol kay Juan, Ano ang nilabas ninyo upang masdan sa ilang? isang tambo na inuuga ng hangin? 8 Datapuwa't ano ang nilabas ninyo upang makita? isang taong nararamtan ng mga damit na maseselan? Narito, ang mga nagsisipanamit ng maseselan ay nangasa mga bahay ng mga hari.9 Datapuwa't ano ang nilabas ninyo? upang makita ang isang propeta? Oo, sinasabi ko sa inyo, at lalo pang higüt kay sa isang propeta.10 Ito yaong tungkol sa kaniya'y nasusulat, Narito, sinusugo ko ang aking sugo sa unahan ng iyong mukha, Na maghahanda ng iyong daan sa unahan mo.11 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Sa gitna ng mga ipinanganganak ng mga babae ay walang lumitaw na isang dakila kay sa kay Juan Bautista: gayon man ang lalong maliüt sa kaharian ng langit ay lalong dakila kay sa kaniya.12 At mula sa mga araw ni Juan Bautista hanggang ngayon, ang kaharian ng langit ay nagbabata ng karahasan, at kinukuha nang sapilitan ng mga taong mararahas.13 Sapagka't ang lahat ng mga propeta at ang kautusan hanggang kay Juan ay nagsipanghula.14 At kung ibig ninyong tanggapin, ay siya'y si Elias na paririto.15 Ang may mga pakinig upang ipakinig, ay makinig.”** (Mateo 11:7-15) Sinalita dito ni Jesus ang payak na pamumuhay ni Juan Bautista, at sa ganoon kailangan nating mamuhay sa isang payak na pamumuhay at istilo ng buhay na itinalaga ng Panginoon sa atin upang isabuhay. Sa talata 11 sinabi ni Jesus na walang dakilang lalaking lumitaw kaysa kay Juan Bautista mula sa gitna na mga ipinanganak ng babae, ngunit ang pinakamababa sa mga nasa Kaharian ng Langit, na ibig sabihin ay tayo ay lalong dakila kaysa sa kanya. **Kaya gaano kalaki ang ating pananagutan ngayon sa harap ng Diyos at ang uri ng paglilingkod at buhay na inihanda niya para gawin natin para sa kanya?** Sa talata 12 binanggit ni Jesus na ang Kaharian ng Diyos mula sa panahon ni Juan Bautista ay karahasan ng pagdurusa. Ito ay pakikibaka kay Satanás na sabihing ‘Hindi’ sa kasalanan, na sabihing ‘Hindi’ sa kasamaan, na sabihing ‘Hindi’ sa katiwalian at sabihing ‘Hindi’ sa mga pakikipagkompromiso.

“4 At sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi, Magsiparoon kayo at sabihin ninyo kay Juan ang mga bagay na inyong nangaririnig at nangakikita:5 Ang mga bulag ay nangakakakita, ang mga pilay ay nangakalalakad, ang mga ketongin ay nangalilinis, at ang mga bingi ay nangakaririnig, at ang mga patay ay ibinabangon, at sa mga dukha ay ipinangangaral ang mabubuting balita.” (Mateo 11:4-5) Ang mensahe ni Jesus ay bumalik kay Juan Bautista, na kanyang pinsan, at pinanghinaan ng loob, na sabihin sa kanya kung anong narinig at nakita, at dagdag na ipaliwanag sa kanya ang mga himalang nangyari upang hikayatin siya at pagtibayin sa kanya na siya ay si Cristo at hindi na kailangang hanapin ang iba pa sa pagsasabi sa lahat ng mga himala na Kanyang ginawa at naganap, ang bulag ay tumanggap ang kanilang paningin ang pilay ay nagsimulang lumakad, ang mga ketongin ay nilinis, at bingi ay tumanggap ang kanilang pandinig at ang patay ay ibinangon mula sa mga patay at ang mga dukha ay tumanggap ng ebanghelyo na siyang mabuting balita na ang kanilang mga kasalanan ay pinatawad gaya na sila'y nagsisi at mayroong lugar sa Langit. Pinagtibay ni Jesus kay Juan Bautista na kung anong pinagpagalan niya noon ay sumusulong at iyon ang kanyang ministerio at kanyang pinaghirapan at nakamit.

Sa parehong paraan kailangan nating makatiyak na ang ating pagtitiis sa pagdurusa at sa pagbibigay ng mabuting halimbawa sa iba ay hindi mawawalan ng kabuluhan, gayundin hindi natin kailangang tumingin sa iba maliban kay Cristo sapagkat Siya lamang ang taong kailangan natin sa ating buhay, sapagkat ang ating kaligtasan at ang ating buhay na walang hanggan ay nasa Kanya lamang, at mayroon tayong lugar sa Langit.

Tinapos ni Cristo ang kanyang mensahe at sinagot si Juan ng tanong sa pahayag na ito; **“6 At mapalad ang sinomang hindi makasumpung ng anomang katitisan sa akin.”** (Mateo 11:6) Sinabi niya sa kanya ang daan upang maging mapalad, na hindi siya dapat nasaktan kay Cristo, ni nasaktan o magawang masaktan. Ang salitang Hebrew para sa **‘nasaktan’** ay **‘Skandelizo’**, na nangangahulungan natisod, o maglagay ng ikakatisod o hadlang sa daan, kung saan ang iba ay maaring madapa at mahulog. Ang nasaktan ay maakit na magkasala, at maging sanhi sa isang tao na magsimulang magtiwala at iwanan ang isa na dapat niyang pagkatiwalaan at sundin. Ang nasaktan ay ang dahilan ng pagkahulog. Ang nasaktan sa isa at ang makita ang iba na hindi sinasang-ayunan at humahadlang sa iyo sa pagkilala sa kanyang kapangyarihan. Ang nasaktan ay magdulot ng paghusga sa isa nang hindi pabor o hindi makatarungan sa iba. Ang nasaktan ay maging sanhi ng pagkatisod ng isang tao o ang paa ay nababalot, naiinis, hindi nasisisyahan sa isang bagay; na hindi nasisisyahan at nagagalit.

Ang sinasabi ni Jesus kay Juan Bautista na ang kanyang pagpapagal na pinagdaraan niya na dapat siyang magpagpatuloy upang panatilihin ang kanyang dangal at isagawa ang kanyang pananampalataya at magtiwala sa Diyos upang ang iba, lalo na ang kanyang mga alagad ay hindi panghinaan ng loob at magdulot sa kanila na matisod. Ang sinasabi niya sa kanya na ang kalagayan na siya ay naroroon, ay normal, at iyon ang tamang landas upang pumasok sa Kaharian ng Diyos. Samakatuwid kinakailangan niyang tiisin at magpatuloy sa makipot na daan, lalo na binuksan niya ang kanyang puso sa Panginoon at malinaw na sinagot siya ni Jesus at ipinaliwanag sa kanya, at inaliw siya, at binalaan siya upang hindi siya masaktan sa Kanya na hindi batid.

Sa parehong paraan kailangan mong isaalang alang ang makipot na pintuan at ang makipot na daan na itinalaga ng Diyos para sa iyo na pagdaanan, na kailangan mong tiisin at pagtiyagaan hanggang sa huli, upang mga pagpapala ng Diyos ay magpatuloy sa iyong buhay, at kahit sa walang hanggang kaligtasan ay manatili gaya ng iyong patuloy na pagsunod kay Cristo at paglingkuran Siya kahit sa panahon ng pighati at pagdurusa.

Sinabi ni Job, **“15 Bagaman ako'y patayin niya, akin ding hihintayin siya: gayon ma'y aking aalalayan ang aking mga lakad sa harap niya.” (Job 13:15)** Sa parehong paraan sa kung anumang pangyayari na ipinahintulot ng Diyos na pagdaanan natin kailangang patuloy nating paglingkuran Siya.

Kailagan nating makinig sa mensahe ni Jesus kay Juan, na hindi dapat tayong masaktan sa Kanya, mawalan ng tiwala sa Kanya, at sumama ang loob kay Jesus, upang ang iba, kasama ang ating mga anak at alagad, ay hindi matisod at panghinaan ng loob kapag nakita tayo na umuurong at tumatalikod, ngunit sa halip kapag nakikita nila na tayo'y nagpapatuloy at tinitii sila'y mahihikayat at tayo'y magiging inspirasyon sa kanila upang sundin si Cristo at patuloy na maglingkod sa Kanya.

Sa aking Mahal at Minamahal: “14 Kung kayo'y mapintasan dahil sa pangalan ni Cristo, ay mapapalad kayo; sapagka't ang Espiritu ng kaluwalhatian at ang Espiritu ng Dios ay nagpapahingalay sa inyo.15 Ngunit huwag magbata ang sinoman sa inyo na gaya ng mamamatay-tao, o magnanakaw, o manggagawa ng masama, o gaya ng mapakialam sa mga bagay ng iba:16 Ngunit kung ang isang tao ay magbata na gaya ng Cristiano,” (1 Pedro 4:15-16) Hindi ka dapat magdusa dahil sa kasalanan, at kung ikaw ay nagdurusa dahil sa kasalanan iyon ang nararapat sa iyo dahil hindi ka handang sumunod sa Diyos at sa pamumuhay malayo sa Panginoon at sa ayaw mong gawin ang Kanyang kalooban.

Ngunit kung ikaw ay nagdurusa alang-alang kay Cristo iyon ay papupurihan at huwag itong ikahiya dahil ang Espiritu ng kaluwalhatian at ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa inyo at ikaw ay gagantimpalaan at bibiyaan ng walang hanggang pagpapala ng Diyos, dahil ikaw ay nagdurusa para kay Cristo at isapamuhay ang iyong buhay ayon sa Panginoon at sa Kanyang Salita at ikaw ay gagantimpalaan.

Kung hindi mo makayanan ang iyong pinagdaraan, sa gyon lumapit kay Cristo at aaliwin ka Niya. Kahit ako, inaanyayahan ka ngayon na lumpait kay Cristo, Linisin ang iyong puso mula sa anumang sama ng loob patungo kay Cristo at kung anong kinalalagyan mo. Inaanyayahan kita ngayon na tanggapin si Cristo at tanggapin ang pangyayari na inilagay Niya sa iyo. Gumawa ngayon ng pangako mo sa Diyos na gagawin mo ang sumusunod:

- Patuloy na mamuhay sa makaDiyos na buhay.
- Na magtitiis ka sa pagdurusa
- Na hindi ka paghihinaan ng loob sa anomang mga pangyayari
- Na patuloy kang susunod sa Diyosat maglilingkod sa Kanya
- Na patuloy kang magiging isang mabuting halimbawa sa iba upang sundan
- Na hindi ka masasaktan sa Kanya upang ang iba, ang iyong mga anak at alagad, ay hindi matisod at ikaw ay pagpapalain ng Diyos.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako'y lumalapit sa harapan mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Salamat sa mensahe na nagawa kong maunawaan ang iyong kalooban at kung anong nais mong gawin ko sa aking buhay at kung paano paglingkuran ka.

Talikuran ngayon at magsisi sa iyong mga pagdududa, panghihina ng loob, hindi handang magdusa para kay Cisto, ang iyong walang kahandaang maglingkod a kanya, nasaktan ka sa Kanya, sa pagiging masamang halimbawa at nagdulot sa iba na matisod sa kanilang paglakad kasama ng Diyos. Panginoon ako'y nagsisisi mula sa lahat ng mga sumusunod na mga kasalanan. _____.

Panginoon ako'y handang sumunod sa iyo at manindigan sa iyong Salita. Panginoon ako'y handang dumaan sa makipot na pintuan at sa makipot na daan na itinalaga mo sa akin na pagdaanan, at ang istilo at uri ng buhay na nais mong isabuhay ko para sa iyo, at maging isang mabuting halimbawa sa iba na sundin si Cristo. Panginoon ako'y handang magpatuloy na maglingkod sa iyo at gawin ang gawain na ikaw ay nasisiyahan sa akin na gawin para sa iyo at dalhin ang bunga na nais mong makita sa aking buhay at ministerio.

Panginoon ipinapangalangin ko ang aking mga kapatid na Lalake at Babae na ipinangako ang kanilang buhay sa iyo at maglingkod sa iyo at huwag masaktan sa iyo. Panginoon pagpalain sila. Protektahan sila at paginhawain sila. Panginoon Ibigay ang kanilang kailangan at patuloy na aliwin sila at itaas sila ng iyong pagibig at ang iyong kabutihan sa kanila.

Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at itaas kami ng iyong biyaya na kailangan namin sa aming buhay. Panginoon manguna ka sa amin at puspusin kami ng Banal na Espiriyu at bigyang-daan kaming

ipangaral ang iyong Salita, pagalingin ang may karamdaman, linisin ang mag ketongin at buhayin ang mga tao mula sa mga patay. Panginoon ipinapangako naming ang aming sarili na mabuhay sa mabuting halimbawa sa iba, sa ang aming mga anak at alagad na susunod sa iyo at maging handa na magdusa alang alang sa iyo at maglingkod sa iyo. Panginoon bigyang-daan kami magtanim ng bagong pag-aaral ng Biblia at mga kapisanan para sa simbahan at sanayin ang higit pang mga manggagawa upang paglingkuran ka. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen

Ang Daan upang Maging Mapalad Yugto 6. Mateo 11:1-6. Juan 16:33. Santiago 1:12. Marcus 6:17-18. 2 Timoteo 3:12. Lucas 6:22-23. Santiago 1:2-4. Mateo 5:10-12. Galacia 6:9-10. Lucas 6:26. Kawikaan 29:25. Jeremias 17:5-8. Mateo 11:7-15. Job 13:15. 1 Pedro 4:14-16.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com